Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 15, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 138-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 28-T'2007/ KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 01-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JUAN NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG WALUMPU'T WALONG LIBO, ANIMNARAAN APATNAPU'T PITONG PISO (P88,647.00).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 28-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'2007 ng Sang. Brgy. ng San Juan na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P88,647.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20% pondong pangkaunlaran (P17,729.40); 10% para sa Sang. Kabataan (P8,864.70); (5%) para sa Calamity fund (P4,432.35); Election Reserve (P16,800.00); at Cash Gift (P40,820.55) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P88,647.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. San Juan ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Mike Jomel M. Ombico at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 28-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng San Juan na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P88,647.00.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan